

1

“Thank you, ladies. We will evaluate your pictorials and VTRs and we will contact you should you be the choice of the company. Thank you for your time and patience,” nakangiting anunsyo ni Perry Romualdez, department head ng talent and promotions ng *Sunshine Products, Incorporated*. Isa itong malaking company na ang head office ay nasa gusaling pag-aari ng mga Romualdez sa Makati. Hindi mabilang na mga produkto ng pagpapaganda, damit, makeup, pabango at kung anu-ano pa ang linya nito.

Nang makalabas na ang lahat ng mga piling-piling modelo na iniisa-isa nito sa libu-libong nagpapadala ng mga litrato sa kanila ay nanlalambot na napaupo ang may-edad nang bakla.

“Sir, hinahanap po kayo ni Mr. Romualdez. Mag-report daw kayo sa office niya.”

Hindi makapaniwalang tiningnan ni Perry ang sekretarya. Walang imik na tumayo itong muli at nagtungo sa silid ng President at Chief Executive Officer ng *Sunshine Products, Incorporated*.

“Tuloy na po kayo. He is waiting for you.”

Sinalubong ito kaagad ng ismarteng sekretarya at pagkatapos tumango ay derecho itong pumasok sa loob.

“Bakit?” naiiritang tanong nito sa boss na kampanteng nakatanaw sa Makati skyline. Ang opisinang iyon ay nasa tuktok ng thirty-five-storey building nila.

Humarap ang nakakunot-noong si Ralph Romualdez, ang nakababatang kapatid ni Perry. Thirty-three years old na siya, may taas na six feet, matikas ang katawan, mestizo, matangos ang ilong, manipis ang labi, itim ang malagong buhok at mapang-akit ang mga mata.

“Ano ba namang mga mukha iyon, Perry. I couldn’t even bear to look at them!” reklamo niya.

“Ralph, they were the very best! The cream of the crop! Ano ka ba? Is there something wrong with your taste nowadays?” naiiritang sagot nito. “Those young women are not just ordinary females, ang iba sa kanila ay anak ng mga socialites. And you turned them all down!”

“Young and beautiful as they were, hindi nila ma-capture sa imagination ko ang hinahanap kong model for our new line of products.”

Hindi kaagad nakasagot si Perry. Paano ba kukuwestyunin ang taong humawak ng lahat ng desisyon sa isa sa pinakamatagumpay na negosyo sa Asia? “So, paano ngayon? We’re running out of time. All set na ang lahat para rito pero ni isang damit ay wala silang magawa dahil wala tayong model!”

“If it has to wait, it has to wait. I won’t risk launching this product line with a model that’s not as perfect as I imagine. Alam mo kung gaano kaimportante sa akin ang produktong ito. For the very first time, it will be an exclusive collection of apparel, perfume, makeup, lotion, cologne—everything. She has to be perfect in all aspects,” katuwiran ni Ralph.

“Eh, kung kumontak kaya tayo ng former *Miss Universe* who won in the recent past?”

“She won’t have the simplicity we are looking for. Our model has to be simple... an ordinary woman but someone who has the ‘It.’”

Umikot ang mga mata nito. “Okay, okay, I’ll go out. Maghahanap ako sa mga department stores ng gusto mong babae. She’s out there somewhere and we’ll find her,” pagsuko nito.

Tumangu-tango siya. “Very good.”

“Bakit hindi ka na lang maghanap sa ibang

bansa? Iyong talagang very oriental ang dating?"
kulit pa rin nito.

“Gusto ko Filipina,” simpleng sagot niya.

“Okay, okay.” Tumikwas ang daliri ni Perry. “Kung iyan ang gusto mo, I’ll gather all my designers and people at maghahanap kami kahit na saan.”

“You do that, Perry. I know you have a knack for finding what I want.”

“Kaya nga naririto ako, hindi ba?” Tumaas ang kilay nito saka lamang ngumiti sa kapatid at walang salitang lumabas ng kanyang opisina.

Naiwan si Ralph na kunot pa rin ang noo.

“Diyos kow naman, Nikki, umuwi na tayo, ’no! Wala na namang kahihinatnan itong ginagawa nating ito.” Nagsesentimyento na si Georgie, ang kaibigang bakla ni Dominique Bustamante habang nakatayo at naghihintay na naman ang dalawa sa labas ng ad agency na tumawag sa dalaga.

“Dominique, Georgie. Dominique para class naman ang dating!” Nanlalaki ang bilugang mga mata ni Nikki sa kaibigan nang hindi natatanggal ang ngiti sa labi. Kabilang sila sa halos limampung napili

para sa isang maliit na parte sa commercial ng isang shampoo. “Malakas ang loob kong susuwertihin na ako ngayon.”

Tumaas ang kilay nito. “Nikki, twenty-eight years old ka na. Sino pa ba naman ang magtitiyaga sa iyo? Kung sa modelo, laos ka na at iginagarahe na ng mayamang negosyante kung sumikat ka noon.”

“Wala naman sa mukha ko, ah?” depensa niya sa sarili. “Saka madali nang magsinungaling kapag naroroon na.”

Nanlaki naman ang mga mata nito. “Ng ano? Ng edad mo?”

“Shh... huwag kang mag-ingay!”

Tiningnan ni Georgie ang ibang kasama sa opisinaang pinaghihintayan nila. Maliit lamang iyon at siksikan silang lahat sa loob. Pagkatapos ay ibinalik nito ang tingin sa kaibigan.

Kung tutuusin ay talagang may hitsura si Nikki. Matangkad siya, five feet at nine inches ang taas, may kapayatan at mahahaba ang legs. Makinis din ang kanyang kutis bagaman morena, natural ang bagsak ng mahabang buhok, bilugan ang mga mata sa magandang hugis ng mukha, maliit ang labi na kulay mansanas, at ang ilong ay matangos at derecho.

“Kung ganda, mayroon ka. Pero naman, Nikki, fourteen years old lang yata ang isang iyon,” anito na ang mga mata ay nakatingin sa isang batambatang babae, “paano mo lalabanan iyan?”

“Huwag kang maingay,” mahinang saway niya. Natigil ang pag-uusap ng dalawa nang pumasok ang nag-interview sa kanila kanina.

“Well, Ladies, without further ado, I’ll be announcing the names of the three lucky girls.” Binasa nito ang pangalan ng tatlong babaeng napili. “For those whose names were not called, thank you for your time. For those that were chosen, please stay for further instructions.” Walang ibang salita na muli itong lumabas pagkatapos.

Maingay ang bulung-bulungan ng mga hindi natawag habang palabas ng silid. Gaya ng dati, naiwang nakaupo sina Nikki at Georgie sa loob hanggang ang tatlong modelo lang ang natira. Noon lamang siya tumayo at walang kibong lumabas.

“Tahimik ka na naman. Iniisip mo iyong tatlo, ’no?” untag ng kaibigan.

“Ang dumi-dumi ng hitsura n’ong isa, mukhang addict naman iyong isa, ’tapos....” Napailing na lamang siya.

“Wala pang nineteen sa kanilang tatlo.”

Hindi siya umimik hanggang sa makalabas sila sa building.

“Ano, na-disappoint ka na naman? Sinabi ko kasi sa iyong huwag ka nang pumunta rito, sumige ka pa rin. Nag-absent na nga tayo sa trabaho,” litanya ni Georgie.

“Wala namang problema sa bangko, ’no! Naiinis lang ako dahil bakit ganoon, hindi man lang kami tiningnan isa-isa—”

“Magagahol siguro sila sa oras,” sabad nito.

“Baka nga.”

“Gusto mong uminom?”

“Ayaw ko. Nakakadagdag daw ng linya iyan sa mukha,” tutol niya.

“Eh, di huwag. Hoy, Nikki! Baka naman mabalitaan ito ng papa mo’y pati ako mapagalitan, ha!”

“Hindi. Kailan ba kita ipinahamak doon?”

Bumuntunghininga ito. “Alam mo namang takot na takot ako doon at masyadong konserbatibo at napakaistrikto. Hay!”

“Sinusunod lang niya ang sinesermon niya sa simbahan nila,” depensa niya sa ama.

“Eh, bakit kasi hindi ka na magpa-convert sa Protestant nang hindi ka laging kinukulit.”

“Hindi ko type pag-usapan iyon ngayon, 'Gie. Alas dos pa lang, saan mo gustong pumunta?” pag-iiba ng dalaga sa topic.

“Don't you think it's time for you to let go of this dream, Nikki? Matanda ka na't walang nangyayari sa buhay mo dahil wala ka nang ginawa kundi mag-audition nang mag-audition.”

“Nakalabas na ako noon, bakit hindi puwedeng maulit?” hamon niya.

“Sinuwerte ka lang. Saka hindi nga halos nailabas sa TV iyon, pangkalendaryo lang,” katuwiran nito.

“Pero malaking kompanya ng tsokolate iyon!”

“Hay, bahala ka na nga! Iyong ibang kasama mo noon, nagsipag-asawa na't masaya na sa buhay nila. May magagandang posisyon sa trabaho pero ikaw, nasa new accounts pa rin at walang asenso.” Napatingin ito sa langit.

“Hindi importante iyon. Isang araw, madi-discover din ako at magiging supermodel,” determinadong

pahayag ni Nikki.

“Dream on. Halika na nga, kumain na tayo at baka gutom na iyan.” Hinila ni Georgie ang dalaga patungo sa *McDonald’s* at hindi na siya tumanggi.

Nang gabing iyon, inabutan na naman ni Nikki na may malaking prayer meeting sa kanilang maliit na bahay sa Project 8 sa Quezon City. Maingay at nagkakasiyahan ang lahat ng naroroon at sa gitna ng mga tao ay ang kanyang mga magulang.

“Magandang gabi, Nikki. Kanina ka pa hinihintay ni Ministro,” bati ng isa.

“Magandang gabi rin. Hayaan mo at lalapit na ako.” Walang kibong nagmano ang dalaga sa mga magulang. Alam niyang galit na naman ang kanyang ama dahil numipis ang mga labi nito habang hindi maitago ng ina niya ang pagkapahiya.

“Mag-usap tayo mamaya,” bulong ng ama.

Nagkibit-balikat lamang siya at umakyat na sa itaas ng bahay. Marami ring tao roon ngunit hindi na niya pinansin ang mga ito. Hindi na rin siya nagulat nang makitang pati ang tatlong silid sa ikalawang palapag ng bahay ay may mga tao ring nagbabasa

ng Bibliya sa loob.

Inabutan niyang may isang dosenang matatanda sa kanyang silid na nasa gitna ng pagdadasal. Hindi na siya nagsalita. Walang kibong bumaba siyang muli at ni hindi man lamang nilingon ang mga magulang nang lumabas saka tinungo ang maliit na basketball court sa tapat ng kanilang bahay.

Dahil nga may padasal, walang naglalaro ng basketball kaya naupo siya sa isa sa mga benches doon hanggang tumakbo ang limang oras at nagsimula nang mag-alisan ang mga tao sa kanilang bahay.

“Nikki, Anak, halika na sa loob.” Si Aling Magda ang sumundo sa anak na nasa basketball court pa rin, bitbit ang bag at blazer na dala nang umalis noong umagang iyon. “Galit na galit ang ama mo. Bakit hindi ka man lang nakisalamuha sa mga taga-simbahan?”

Hindi siya kumibo. Alas doce na iyon ng gabi; hindi pa siya nakakakain at malamig na ang ulo niya sa hamog ng gabi ngunit ito pa ang isinalubong ng ina.

“Saan ka na naman nanggaling, Nikki? Tinawagan ka ng ina mo kanina sa bangko at absent ka raw. Wala ka maghapon at gabi ka pa umuwi.” Ang matigas na tinig ni Mang Rudy ang bumati sa kanya pagpasok

niya sa bahay.

Nanlambot siya nang makita ang loob ng bahay. Marumi ang sahig at nagkalat doon ang baso, pinggan, tissue, mga Bibliya na naiwan kung saan at kung anu-ano pa.

“Saan ka nanggaling?” malakas at puwersado ang tinig na ulit ng kanyang ama. Gigil na gigil na hinawakan siya nito nang mariin sa braso. “Saan ka na naman naglandi? Imbis na tumulong ka rito’y kung saan-saan ka naghahasik ng lagim. Napakairesponsible mong anak!”

“Sino’ng magliligpit ng lahat ng kalat na ito?” Hindi na niya tinangkang sagutin ang tanong nito. Wala rin namang saysay dahil hindi ito nakikingig sa kanyang paliwanag.

“Iyan ang parusa mo! Ikaw ang magliligpit ng lahat ng ito ngayong gabi. Hindi ka tumulong kanina, ngayon ka magtrabaho dito sa bahay,” malamig ang tinig na pahayag nito. Tahimik lang na nakatingin si Aling Magda sa mag-ama.

Nainis siya. “Bakit ko liligpitan ang kalat na hindi ko ginawa? Madaling-araw pa lang ay nagigising na ako para maglinis, maglaba at maghanda ng kakainin ninyo maghapon. Umalis ako kanina na

malinis ang bahay at uuwian kong ganito?” Mabilis niyang tinungo ang kusina at lalong nanlambot nang makitang halos kalahati ng kanyang ipinamalengkeng pagkain nilang mag-anak ay wala na. “Ipinakain na naman ninyo lahat? Ano na naman ang kakainin natin ng isang linggo? Bakit naman ninyo inilabas pati itong personal nating ginagamit?”

“Ang lahat ng ibinibigay ay dalawampung beses na bumabalik. Bakit ka nanunumbat sa mga magulang mo? Napakawalang-utang-na-loob mo at napakasama kung pati ito’y bibilangin mo sa harap ng Diyos.” Nang-uusig ang salita ni Mang Rudy. “At ilang beses mo nang ginawa ito na aalis ka at magkukunwaring papasok ’tapos wala ka sa bangko?”

“May pinuntahan ako. May-sakit si Georgie at dinamayan ko lang iyong tao.”

“Iyan pa, ang hilig mong magsasasama sa... sa baklang iyon! Hindi mo ba alam na sugo ng demonyo ang mga ganyan?”

“Papa, puwede ba tigilan na natin ito? Pagod ako, gutom na ako at gusto ko nang magpahinga.” Nanlulumong aakyat na lamang sana siya ng hagdan nang pigilan ng ama.

“Hindi ka aakyat hangga’t hindi mo naililigpit

ang lahat ng ito. Bukas ng umaga ay pupunta rito ang *Youth Fellowship*. Huwag mo akong pahiyain,” utos nito.

“Puwede ho ba bukas na? Naglilinis ako tuwing umaga—”

“Parusa mo iyan sa pagiging sinungaling mo,” putol nito. “Sinabi ko na sa iyo, Nikki, huwag kitang mahuhuling nakikipagmabutihan sa mga lalaki o lumalabas at nagtutungo sa mga masasamang lugar. Hindi natutulog ang Diyos at malalaman ko rin ang lahat,” banta nito.

“Bukas na ho, Papa. Pagod na ako.”

“Ligpitin mo ito ngayon!” Matigas at nagbabanta ang tinig ni Mang Rudy. Nagtinginan ang mag-ama at mabilis nitong nilapitan ang kanyang ina. “Ano?” Mariing sinabunutan nito ang asawa na napahiyaw sa sakit.

“Liligpitin ko na ho.” Bagsak ang mga balikat ngunit pigil na pigil ang luhang nagtungo si Nikki sa kusina upang kumuha ng mga kakailanganin sa paglilinis.

“Gumising ka nang maaga at magluto ka ng kasya sa labing-walo. Dito mag-aalmusal ang mga bata.” Umakyat ito sa hagdan at hindi umimik na

Ikaw Lang, Mahal Ko - Dini Hipolito

sumunod si Aling Magda sa asawa.

Naiwan siyang nakatayo sa gitna ng marumi at magulong bahay. Parang sasabog ang kanyang dibdib.

2

“O, ano? May napili ka na ba?” Sumilip si Georgie sa kaibigang nasa loob ng cubicle sa bangko. Teller ito at nasa new accounts section naman si Nikki.

“Pass muna ako, 'Gie. Limas na ang pera ko at nag-iisip na naman nga akong mangutang sa iyo, eh.” Kunot ang noong ibinaba niya ang hawak na mga brochures at booklets ng mga *Sunshine* products.

“Bakit na naman?” kulit nito.

“Kakapusin na naman yata ako, eh.”

“Eh, kailan ka ba hindi kinapos? Ang laki-laki na ng suweldo mo pero hanggang ngayon, eh, wala ka pang ipon,” malanding sabi nito. “Saka alam mo iyong housing na nakita natin sa bandang Cavite? Balak ko nang kumuha ng isa. Siyempre tumatanda na rin ako at kailangan ko na ring magpundar kesa mapunta lang sa mga lalaki.”

“Mabuti ka pa. Ako, matagal ko nang gustong gawin iyan pero wala naman akong pera. Saka kung maghuhulog pa ako, baka mabaon na talaga ako sa iyo sa utang.” Nangalumbaba siya. “Pero ang ganda sana nitong lipstick na ito, 'no? Bagay na bagay sa

akin ang kulay pati na itong blouse na pula.”

“Gusto mo ba?”

“Hindi ko nga kayang bayaran. Bibili pa ako ng pagkain namin sa bahay.” Napasimangot siya.

Nagtaka ito. “Kabibili mo lang, ah?”

“Huwag mo nang tanungin.”

“Ikukuha na lang kita, pa-birthday ko na sa iyo. Malapit na, hindi ba?” pang-aalo ni Georgie.

“Buti ka pa, naaalala mo. Birthday ko na sa isang linggo pero ni isang salita’y wala akong narinig mula sa mga magulang ko.”

“Alam mo, Nikki, sa tinagal-tagal na nating magkaibigan, ni hindi ko pa nakikilala ang parents mo. Wala akong idea sa buhay mo pero sa totoo lang, parang ang lungkot-lungkot mo.”

“Ayaw kong magsalita.”

“Ikukuha na kita, gift ko sa iyo.” Ngumiti si Georgie sa kaibigan. “Saka kailangan mo bang umutang?”

“Georgie...” Nangilid ang luha niya at mariing hinawakan ang kamay nito. “Hindi ko alam kung ano na’ng nangyari sa akin kung wala ang katulad mo.”

Hinawakan siya nito sa balikat. “Huwag mo nang isipin.”

“Thank you.”

“What are friends for? Ano, alin ba diyan ang pipiliin mo?” Masayang nag-usap ang dalawa habang walang tigil sa pagtingin ng mga brochures ng *Sunshine* products.

“You know, if I could, I would. Binaligtad ko na ang buong Maynila, ang Metro Davao, ang Cebu... pati Bacolod ay sinuyod ko na. Hayan na’ng lahat ng litrato at wala na... wala na lahat!” iiling-iling na pahayag ni Perry.

Tiningnan ni Ralph ang halos tatlong dangkal ng mga litrato ng mga naggagandahan at seksing babaeng naghihintay lamang ng kanyang desisyon. “It isn’t like you to give up, Perry. Ano ka ba?”

“If you’re looking for perfection, there’s no such thing. Kahit si Venus de Milo ay walang mga kamay.”

Napabuntunghininga siya nang malalim, sabay iling. “I’m not looking for perfection, but I’ll know what I want when I see it. Saka we’ve discussed this before. No girls below twenty-one.”

“Sa kakapal ng makeup ng mga iyan, mukhang treinta na bago pa pumatong ng twenty,” inis na sabi ng kapatid.

“Then maghanap ka pa ng iba! Find me somebody!” Iritado na ang tinig ni Ralph at panandaliang kinabahan si Perry. Hindi niya ugali na mag-init ang ulo. Nuno siya ng kalamigan at sa nakikita nito, halatang apektado na rin siya sa kawalan nila ng bagong modelo.

“I’ll find that somebody, Ralph.”

“You had better, Perry.”

“Okay, okay.” Natatarantang bumawi ito. “Just give me one more week. Aalis na ako ngayon din.”

“Kahit isama mo pa ang kalahati ng opisina ng ito sa paghahanap, I don’t care. Just find *her*,” madiing salita niya at tumalikod na.

Umalis na ang kapatid at naiwan siyang matagal na nag-iisip. “Amy?” Mula sa intercom na nasa ibabaw ng kanyang executive table ay tinawag niya ang sekretarya.

“Sir?”

“Go to Perry’s office. Kunin mo lahat ng litrato ng mga babaeng nagpadala ng mga litrato nila na

hindi napili. Dalhin mo dito at ako ang personal na titingin,” utos niya.

“That will be thousands of pictures, Sir.”

“I don’t care. Just get them all and give them to me. Cancel all my appointments this afternoon.”

“Sir...”

“Do as I say.”

Thirty minutes later, ipinapasok na ng mga janitors at messengers ang mga kahon na naglalaman ng libu-libong litrato ng mga babaeng kinuha mula sa bodega.

Bumuntunghininga si Ralph sa nakita. “Amy, give them to me one by one. Call someone to help you.”

Alas diez ng gabi, nasa opisina pa rin si Ralph kasama si Amy. Tanggal na ang kurbata niya, nakatupi ang long sleeves ng kanyang polo at bukas na ang dalawang unang butones. Pagod na ang kanyang mga mata ngunit patuloy pa rin siya sa pagtingin ng mga litrato.

“Sir, wala na po.” Nagkatinginan si Ralph at ang sekretarya na nananatiling loyal sa kanya sa loob

ng pitong taong pagtatrabaho sa kompanya niya.
“Naubos nang lahat.”

“Wala na talaga?” dismayado niyang ulit.

“Wala na, Sir. Ito na lang treinta piraso ng may naka-tag na ‘overage.’”

“Akin na, tingnan ko na rin.” Pagod na iniabot ni Amy ang mga litrato sa boss.

Lalong kumunot ang noo ni Ralph at ipinagtatapon ang mga litrato. Halos kalahati na ang nakikita niya nang bigla siyang matigilan. Matagal niyang tiningnan ang litrato ng isang modelo at saka niya sinilip ang pangalan sa likod.

“Tawagan mo si Perry. Tell him to get in here at once.”

“Opo, Sir.” Katulad niya, nasa opisina pa rin ang kapatid at hinihintay na ma-develop ang mga litratong nakunan nila upang maipakita sa kanya kinabukasan.

Hindi nagtagal ay dumating si Perry. “Bakit?”

“Who is she?” tanong niya na ipinakita ang litrato ng isang magandang babae.

Nagkibit-balikat ito. “I have no idea.”

“Her name is Dominique Bustamante. Get her file.”

Hindi ito kaagad nakakibo. Lumapit ito at tiningnan ang litratong hawak niya. “But, Ralph, she’s too old!” kontra nito.

“She’s perfect.”

“She’s twenty-eight.”

“I don’t care. Get her file and bring it to me,” utos niya.

Numipis ang labi ni Perry. Hindi nito itinago ang pagkadismaya sa napili niyang babae. Walang kibo na inangat nito ang telepono at nagbigay ng instruction sa kausap sa kabilang linya. “Medyo matatagalan pa,” pagkuwa’y sabi nito. “Matagal nang ibinasura ang mga litratong iyan at hindi ko alam kung nasaan ang mga files.”

“Hanapin mo.” Hawak ang litrato, naupo siya sa silya at masusing pinag-aralan ang mukha ng babae. “I think she’s perfect.”

“It’s only a close-up of her face. Wala pa iyong mga full body shots.”

“Hindi ito magiging model kung walang katawan,” giit niya.

“At sisikat iyan kung may dating, ’no!”

“At hindi natin siya kukunin kung sikat na siya.”
Malamig ang tinig, derecho niyang tiningnan si Perry.
“Bakit kontrang-kontra ka yata, ha?”

“I’m telling you, she’s too old. The ad will run forever; masuwerte kung abutin iyan ng five years na hindi magkaroon ng gitla.”

“Then fix her. It’s a simple problem that can be remedied.”

Wala nang maisagot, naupo na lamang ito sa sofa. “Are you really serious?”

“I am.”

“Kung gayon, I’ll get her files.” Walang kibong lumabas ito at nang bumalik ay may hawak nang isang folder. “Nasa memory bank pa siya ng computer natin.”

“Well?” tanong ni Ralph.

“She’s an aspiring model na nakagawa ng isang commercial at wala nang kasunod. Small-time iyong print ad na ginawa niya and eversince, lagi siyang nag-o-audition but for some reason, umabot na lang siya sa ganyang edad, eh, walang nagkainteres na kumuha.”

Ikaw Lang, Mahal Ko - Dini Hipolito

“Meron na ngayon,” maikling sabi niya. “Leave her files to me. All of you can go home now.”

3

“Hay naku, Nelson! Wala ka talagang aasahan sa akin. Sa iba ka na lang manligaw at wala akong gusto sa iyo.” Pigil na pigil na ang inis ni Nikki sa kausap.

“Pero sabi ni Ministro ay bagay na bagay tayo,” giit nito.

“Eh, di siya ang ligawan mo.”

“Dominique naman...”

“Puwede ba, tigilan mo na ako!” Kumunot ang kanyang noo. “Tatlong buwan na kitang binabasted pero nangungulit ka pa rin hanggang ngayon.”

“Magpasalamat ka nga’t may nanliligaw pa sa iyo. Hindi ka na rin naman bata.”

“Hoy! Sino ba’ng may sabi sa iyong manligaw ka, ha? At kailan mo nabalitaang naghanap ako ng manliligaw? Kahit tumandang dalaga ako, wala akong pakialam. Hindi ako desperada!” bulyaw niya.

“Ang sabi ni Ministro ay nagpapahanap ka na sa kanya.” Ngumisi ito.

Namumula na ang mukha ni Nikki. “Huwag na

ako ang pagdiskitahan mo dahil talagang ayaw ko. *Ayaw ko sa iyo!* Masaya ako sa buhay ko at hindi ako naghahanap ng manliligaw!”

“Mayaman naman ako. Kaya kong ibigay lahat ng luho mo.”

“Wala sa akin iyon. Saka, pagod na ako. Tatlong oras na tayong nagkukulitan at naiinis na ako,” nayayamot niyang pahayag.

Hindi makapagsalita si Nelson.

“Puwede ba?” matigas ang boses na utos niya.

“Magpapaalam lang ako kay Ministro.”

“Tatawagin ko sila.” Tumayo siya at inakyat ang mga magulang na nasa itaas ng bahay. “Aalis na daw ho si Nelson,” anunsyo niya.

Malawak ang ngiti ni Mang Rudy. “Ano, okay na ba?”

“Okay na ho.”

Nagmamadaling bumaba ang matanda kasama ang asawa at derecho naman siyang pumasok sa kanyang silid at isinara ang pinto.

Nakahiga na at nagpapaantok ang dalaga nang bigla na lamang kumalabog ang pinto ng kanyang

silid. “Nikki! Bastos ka! Buksan mo itong pinto!”

Bantulot na tumayo siya at binuksan ang pinto. Laking gulat na lang niya nang isang malakas na sampal buhat kay Mang Rudy ang sumalubong sa kanya. “Bakit mo binastos si Nelson, ha?” Nanginginig ang katawan nito at nagliliyab sa galit ang mga mata. “Ang pamilya nila ang isa sa pinakamalaking nag-donate sa atin ’tapos binastos mo!”

Hindi siya sumagot. Naramdaman niya ang mainit na agos ng dugo sa kanyang labi.

“Rudy... huwag mo siyang saktan....”

“Tumahimik ka, Magda! Ang yabang nitong anak mo! Akala mo kung sinong maganda, eh, wala ngang gustong pumatol sa kanya.”

“Rudy...”

“Isa ka pa! Gusto mong makatikim din?” Inumangan nito si Aling Magda na kaagad lumayo. Binalingan nito ng tingin ang anak. “Sa susunod, magtitino ka, ha? Kapag sinabi ko sa iyong pakiharapan mo si Nelson, pakiharapan mo! Siya ang lalaking mapapangasawa mo. Wala akong pakialam que ayaw mo o gusto!”

Hindi umimik si Nikki. Nagulat siya nang biglang

sabunutan ng ama at hinarap ang mukha niya rito. “Naiintindihan mo ba?”

“Ganyan ang trato niya sa iyo? Pagkatapos ng lahat ng ginagawa mo para sa kanila?” di-makapaniwalang bulalas ni Georgie matapos marinig ang kuwento ng kaibigan. Nandoon sila sa loob ng cubicle nito.

Hindi umimik si Nikki. Namamaga ang kanyang mukha at may malaking sugat sa labing pumutok. Masakit na masakit pa ito ngunit pinili na lamang niyang pumasok kaysa makasama nang maghapon ang mga magulang.

“All this time, hindi mo sinasabi na ikaw na ang bumubuhay sa kanila, ikaw pa itong minamaltrato. Ang buong akala ko’y istrikto lang ang ama mo dahil ministro ng simbahan.”

“Ayaw ko nang umuwi sa amin, Georgie.” Nangilid ang luha sa mga mata niya. “Hindi ako makakapayag na isubo niya ako sa Nelson na iyon. May lahing eng-eng iyon ’tapos.... Kaya nga siguro sila nagkakasundo ni Papa.”

“Eh, saan ka naman pupunta? Kapag hindi ka umuwi, pupunta dito ang ama mo’t tiyak kong

eeskandaluhin ka dito. Mas malaking kahihiyang iyon,” paalala nito.

“Eh, ano’ng gagawin ko? Patulan ko ang Nelson na iyon?” Sumimangot siya

“Iyon ba iyong guwapong sumusundo sa iyo dito noon na nakasakay ng *Honda Civic*?”

Tumango siya. “Oo, siya nga.”

“Eh, bakit hindi mo matanggap? Mukha namang okay, ah?”

“Mayaman iyon, may malaki silang factory ng sardinas na mina-manage niya. Hindi ko nga maintindihan kung bakit nangungulit sa akin samantalang maraming ibang nagkakagusto sa kanya.”

“Baka naman talagang type ka niya,” tukso nito.

“Ang sabihin mo, gusto niya ako dahil anak ako ng ministro ng simbahan na pinupuntahan nila. Malaking bagay siguro iyon sa kanya.” Lalo pa siyang sumimangot.

“Kaya mo bang magtrabaho? Sabi naman ni Boss na puwede kang mag-half day saka doon ka na lang sa loob para walang makakita sa iyo.”

“Nasabi na nga niya iyon sa akin. Doon na lang muna siguro ako sa vault, mag-aayos ako ng mga statements of account.”

“Mag-isip-isip ka. Wala akong maipayo dahil alam mo naman sa katulad ko... lahat ng may mukha, puwede na.”

Napabuntunghininga ang dalaga. “Iyon lang makinig ka, tama na.”

“Tita, alas nueve na. Sige na, magpunta ka na doon sa vault at may mga pumapasok nang kliyente,” anang kaibigan.

“S-sige.”

“Okay ka lang?” paniniguro nito.

“Kailangan maging okay.” Pilit ang ngiti ni Nikki nang tuluyang tumayo at nagtungo sa loob ng vault kung saan nakalagay ang mga statements of account na inaayos para sa mga depositors.

Alas diez ng umagang iyon, napatingin ang lahat sa loob ng bangko sa Ilaya nang pumasok ang isang matangkad na lalaking ubod ng mestizo at guwapo na nakasuot lamang ng simpleng polo shirt at maong pants.

“Tita... Tita...!” Nagtitili si Georgie nang magkasalubong sila ni Nikki na abala sa filing ng mga cards na ginamit for signature verification sa new accounts.

“Bakit?” takang tanong niya.

“Tingnan mo iyon... tingnan mo!”

Napatingin nga siya sa tinitingnan ng lahat ng tao sa loob ng bangko. “Artista ba?”

“Hindi, eh. Ang guwapo, ’no?” kinikilig na sabi nito.

“Sobra. May pumapatol pa bang babae sa ganyan? Parang nakakatakot isipin....”

“Huwag ka nang mag-ilusyon. Basag na nga iyang mukha mo, eh. Ibigay mo na sa akin tutal ako naman ang unang nakakita.”

Hindi umimik si Nikki. Guwapo talaga ang lalaki at kahit alam niyang hindi na ito bata, malakas ang dating nito. “Ang dami ko na ring nakitang lalaki sa pag-mo-model ko pero ito na yata ang the best.”

“Pag-mo-model... ’ayan ka na naman!” Siniko siya ng kaibigan. “Diyan ka na nga! Magpapa-project ako doon sa harap at baka naman bakla ang hanap niyan at hindi babae.”

Natawa siya sa sinabi nito. Lumayo na ito ngunit sinundan pa rin niya ng tingin ang lalaking mukhang napakalaki para sa maliit nilang branch.

Nakabantay ang lahat habang nauupo ito sa sofa ng bangko, nagmamasid na para bang may hinahanap din. Dahil nasa loob naman siya, hindi niya tinantanan ng tingin ang lalaki sa pag-aakalang hindi siya makikita nito.

Nagulat na lamang siya nang bigla itong tumingin sa kanya at doon tumigil ang mga mata. Namula kaagad siya at mabilis na bumalik sa trabaho.

Tumayo si Ralph, nagtungo sa new accounts section at kinausap ang kasamahan ni Nikki na hindi halos makapagsalita.

“Nikki, Nikki!” Nagulat ang dalaga nang nagmamadaling lumapit ang kasama sa kanya. “Ikaw ang hinahanap noong lalaki.”

“Ha?” bulalas niya.

“Ikaw ang hinahanap noong lalaki,” ulit nito.

“Bakit ako?”

“Eh, sa ikaw ang hinahanap talaga. Ang suwerte mo naman,” nangingiting sabi nito.

“Nakikita mo naman ang hitsura—”

“Eh, ano’ng sasabihin ko? Baka naman magreklamo iyon kung hindi mo pakikiharapan.”

“Sabihin mo na lang na abala ako dito.”

“Ayaw ko nga. Lapitan mo na’t ikaw ang magsabi,” pilit din nito.

“Ano ka ba naman!” inis na saad niya.

“Nagkakadabulul-bulol na nga ako. Napakaguwapo kasi niya, eh!”

Walang magawa, napilitang tumayo si Nikki at nilapitan ang lalaking naghihintay sa kanya. “Good morning, Sir.”

“Ano’ng nangyari sa mukha mo?” Napanganga kaagad si Ralph at hindi man lang itinago ang pagkagulat.

“Naaksidente ho ako kahapon. Nabangga iyong sinasakyan ko at heto...” pagsisinungaling niya. “Sir, medyo nakakahiya naman ho na ganito ang hitsura ko kung mag-o-open kayo ng account.”

“Totoong mag-o-open ako ng account. Pero ang sabi ng kaibigan ko, sa iyo daw ako makipag-usap; depositor ninyo siya dito. Okay lang na ganyan ang

mukha mo,” nakangiting pahayag nito.

Para siyang matutunaw sa kahihyan lalo na nang halos hindi kumurap ang binata sa pagtingin sa kanya na para bang pinag-aaralan ang bawat pigura ng kanyang mukha.

“You’re very beautiful... despite that black and blue swelling on your face.”

“T-thank you.” Pinamulahan siya. “Sino ho ba’ng kaibigan ninyo?”

“Si Janet Lardizabal.”

“Iyong distributor ng *Sunshine* products?”

“Oo. Bumibili ka ba sa kanya?” tanong nito.

“Oo. Sa kanya kami umo-order kapag may bago siyang dating.” Hindi siya komportable sa derechong tingin ng lalaki sa kanya at sa halos personal nitong mga itinatanong.

“So, gumagamit ka ng *Sunshine* products? Kaya ba ganyan kakinis ang mukha at balat mo?” Umakyat-baba ang tingin nito sa kanya.

“Oo. Bakit ba masyado kang interesado?”

“Dealer din kasi ako.”

“Dealer ka?” di-makapaniwalang ulit ni Nikki.

“Bakit, hindi ba bagay?”

“Hindi. Mukha ka kasing model, hindi dealer.”

“Different strokes for different folks,” kibit-balikat nito. “Mag-o-open ako ng account.”

“Sige, i-fill up mo na lang itong mga forms, pahingi ng tatlong valid identification cards at sa likod, pakilagay na lang ang specimen signature mo. May kasama ka ba sa account na ito?” Businesslike na ang tono ng dalaga.

“Hindi, ako lang.”

“Sige.” Iniabot niya ang forms kay Ralph. “Personal account ba ito or business account katulad ng kay Janet?” Hindi niya maalis ang tingin habang nagsusulat ito. Suwerte naman niya at kasundo niya si Janet. Siya pa tuloy ang umestima sa lalaking ito. Kung hindi lang sana siya sinampal ng papa niya.... Nakaramdam na naman siya ng matinding galit sa ama. Kung mamalasin nga naman....

“Personal account,” maikling tugon nito.

“Okay.” Hinintay niyang matapos ang lalaki. Nang iabot nito sa kanya ang forms ay hindi niya napigilan na humanga sa magandang sulat nito.

“Ralph Salvacion,” basa niya.

“Ako iyon.”

“Magkano ang i-o-open mo?”

“Puwede bang ten thousand muna?”

“Walang problema.” Inilahad niya ang kamay at iniabot ni Ralph ang pera. “Dito ka na sa teller. Ibibigay ko ang pera ’tapos bumalik ka ulit dito, okay?”

“Sige.” Tumayo na ito at nagtungo kay Georgie na hindi nag-aksaya ng panahon na daldalan ang lalaki.

“Hi! Bagong depositor ka dito?”

“Oo,” maikling tugon ni Ralph.

“Ako si Georgie, ang pinakamagandang teller dito,” pakilala nito sa sarili.

“Hi, Georgie.” Ngumiti ang binata lalo pa’t kahit na malayo sa baklang teller ay naamoy nito ang halimuyak ng isa sa kanilang mamahaling pabango.

“Dito ka na lang lagi, ha?”

“Walang problema. Basta ba laging ganyan ang amoy mo, eh.” Ngumiti ito at kinilig naman nang husto si Georgie.

“Heto na.” Iniabot nito ang passbook na para sa binata. “Balik ka na kay Dominique... babalik ka rin dito, ha?”

“Basta ikaw.” Ngumiting muli ang lalaki at bumalik sa new accounts section. Nakatingin naman ang dalaga sa kaibigang namumungay pa ang mga mata.

“Okay na?” tanong niya.

Tumango ito bilang sagot.

“Kukunin ko lang itong stub. Ito ang kopya mo.” Iniabot niya rito ang kopya ng deposit slip nito. “Okay na.”

“Ganoon lang?”

“Simpleng transaksyon lang ito. Hindi naman milyon ang ipinapasok mo, eh.”

“Hayaan mo, kapag milyon, eh, iyayabang ko na sa iyo. You want to have lunch with me, Dominique?”

“Kanino mo... narinig iyan?” gulat na tanong niya.

“Doon sa teller ninyong mabango.”

“Talagang iyon...! Tawagin mo na lang akong ‘Nikki.’”

“Nikki. Alam mo, you look very familiar.” Nagkunwari pa itong nag-isip. “Parang nakita na kita sa isang commercial.... Alam ko na! Ikaw iyong crush na crush ko seven years ago! Hindi ba ikaw iyong model ng chocolate na commercial sa TV?”

Pinamulahan nang husto si Nikki sa sinabi nito ngunit nakaramdam na rin ng tuwa dahil naalala nito kung sino siya. “Ako nga iyon.”

“You haven’t changed. Maganda ka pa rin.”

“Thank you uli.” Ngumiti na lamang siya. Hindi siya sanay na tinitingnan nang derecho ng lalaking kasing-taas at kasing-guwapo ng Ralph na ito.

“Have lunch with me,” anito.

“Twelve pa ang lunch ko.”

“Malapit nang mag-eleven. I’ll wait for you.”

“You don’t have to. May baon kasi ako... at nahihiyang lumabas na ganito ang hitsura ko.”

“Huwag mong problemahin iyon. Kaya namang takpan ng buhok mo ang mukha mo,” pilit nito.

“Mr. Salvacion, salamat na lang pero... talagang nahihiya ako. Pero natutuwa ako at naalala mo ako kahit na ang tagal na iyon at gaya ng sinabi mo, hindi

naipalabas sa TV.”

“Are you sure you don’t want to come with me?”
paniniyak nito.

Umiling siya. “Not today.”

“Is it okay kung tatawagan na lang kita kung kailan ka pupuwede?”

“Sure, kung talaga bang interesado ka, eh.”

“Very much. It’s nice meeting you.”

“Same here.” Ngumiti si Nikki at tumangu-tango si Ralph.

Wala siyang kaalam-alam na ang ngiting iyon ang tuluyang nagsara ng utak nito kung sinong model ang kukunin para sa bagong line-up ng negosyo nito.
“I’ll see you.”